Pagkamit ng Diploma: Para sa Klase ng 2009 at Lagpas pa

Lahat ng estudyante ay nangangailangan ng matatag na pundasyon sa pagbasa, pagsulat, at kahusayan sa matematika para sa kahit anumang daang tungo sa karera (career path) na kanilang susundin pagkatapos sa sekondaryang paaralan. Ilan sa mga pang-estadong pangangailangan sa pagtatapos (graduation requirements) ay idinesenyo upang matiyak na mayroon ng pundasyong ito ang mga estudyante.

Para sa mga magtatapos na klase sa taong 2009-2012, kailangang pumasa sa pagbasa at pagsulat ang mga estudyante sa pang-sekondaryang paaralang Pagsusuri sa Nag-aaral na Estudyante ng Washington (WASL), isang alternatibo sa WASL na aprubado ng estado o isang pagsusuri para sa mga estudyanteng nasa espesyal na edukasyon. Matutugunan ng mga estudyante ang pangangailangan ng estado sa matematika sa pamamagitan ng pagpasa sa pang-sekondaryang paaralan na matematika ng WASL, isang alternatibo na aprubado ng estado o isang pagsusuri para sa mga estudyanteng nasa espesyal na edukasyon, **O**, pagpatuloy sa pagkuha ng mga kredito sa matematika at taun-taong pagkuha ng naaankop na pagsusuri sa matematika hanggang sa sila ay makapagtapos.

Ang mga estudyante sa Klase ng 2013 ang unang kailangang makapasa sa agham at matematika ng pang-sekondaryang paaralan ng WASL, isang alternatibo na aprubado ng estado o isang pagsusuri para sa mga estudyanteng nasa espesyal na edukasyon. Ang Klase ng 2013 ay magkakaroon ng karagdagang opsiyong makapili ng pangkatapusan (end-of-course) na mga iksamen sa matematika. Sa umpisa ng 2013, ang kasalukuyang pang-sekondaryang paaralan na matematika ng WASL ay papalitan ng pangkatapusan (end-of-course) na mga iksamen sa matematika, na kinakailangan para sa pagtatapos. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga isyu sa pagtatapos, mangyaring bumisita sa: http://www.k12.wa.us/GraduationRequirements/default.aspx.

Mga Pangangailangan sa Pagtatapos ng Estado ng Washington

(Nalalaman sa pagpasok ng estudyante sa ika-siyam na baitang)

Mga Klase ng 2009-2012 (Mga estudyante sa ika-9 hanggang ika-12 na baitang sa taong 2008-2009)	Klase ng 2013 (Mga estudyante sa ika-9 na baitang sa taong 2009-10)	Klase ng 2014 (Mga estudyante sa ika-9 na baitang sa taong 2010-11)
PAGBASA AT PAGSULAT **Pagpasa** sa pagbasa at pagsulat ng pang-sekondaryang Paaralang WASL o pagsusuri sa mga estudayanteng nasa espesyal na edukasyon. --O-- **Pagpasa** sa pagbasa at pagsulat ng Opsiyon sa Sertipiko sa Kakayahang Pang-akademiko (alternatibong aprubado ng estado).*	PAGBASA AT PAGSULAT **Pagpasa** sa pagbasa at pagsulat ng pang-sekondaryang Paaralang WASL o pagsusuri sa mga estudayanteng nasa espesyal na edukasyon. --O-- **Pagpasa** sa pagbasa at pagsulat ng Opsiyon sa Sertipiko sa Kakayahang Pang-akademiko (alternatibong aprubado ng estado).*	PAGBASA AT PAGSULAT **Pagpasa** sa pagbasa at pagsulat ng pang-sekondaryang Paaralang WASL o pagsusuri sa mga estudayanteng nasa espesyal na edukasyon. --O-- **Pagpasa** sa pagbasa at pagsulat ng Opsiyon sa Sertipiko sa Kakayahang Pang-akademiko (alternatibong aprubado ng estado).*
MATEMATIKA **Pagpagsa** sa matematika ng pang-sekondaryang paaralang WASL o pagsusuri para sa mga estudyanteng nasa espesyal na edukasyon. --O-- **Pagpasa** sa matematika ng Opsiyon sa Sertipiko ng Kakayahang Pang-akademiko (alternatibong aprubado ng estado).* --O— **Pagkuha** ng dalawang kredito sa matematika (o katumbas na pang-karera o teknikal na subject) pagkatapos ng ika-10 baitang AT muling pagkuha ng WASL o isang aprubado ng estado na pagsusuri sa matematika taun-taon. (Kinakailangang maipasa ng mga estudyante ang mga klase (hindi pagsusuri), sa matematika, upang makamit ang diploma.)	MATEMATIKA **Pagpagsa** sa matematika ng pang-sekondaryang paaralang WASL, o pangkatapusan (end-of-course) na mga iksamen o pagsusuri para sa mga estudyanteng nasa espesyal na edukasyon. --O-- **Pagpasa** sa matematika ng Opsiyon sa Sertipiko ng Kakayahang Pang-akademiko (alternatibong aprubado ng estado).*	MATEMATIKA **Pagpasa** sa matematika ng pangkatapusan (end-of-course) na mga iksamen o pagsusuri para sa mga estudyanteng nasa espesyal na edukasyon. --O-- **Pagpasa** sa matematika ng Opsiyon sa Sertipiko ng Kakayahang Pang-akademiko (alternatibong aprubado ng estado).*
	AGHAM **Pagpagsa** sa agham ng pang-sekondaryang paaralang WASL o pagsusuri para sa mga estudyanteng nasa espesyal na edukasyon. --O-- **Pagpasa** ng Opsiyon sa Sertipiko ng Kakayahang Pang-akademiko (alternatibong aprubado ng estado).*	AGHAM **Pagpagsa** sa agham ng pang-sekondaryang paaralang WASL o pagsusuri para sa mga estudyanteng nasa espesyal na edukasyon. --O-- **Pagpasa** ng Opsiyon sa Sertipiko ng Kakayahang Pang-akademiko (alternatibong aprubado ng estado).*
IBA PANG PANGANGAILANGAN **Pagtugon** sa lahat ng iba pang pangangailangan ng estado at distrito ng paaralan para sa pagtatapos: Culminating Project (Pinakamalaking Proyekto), Plano sa Sekondaryang Paaralan at Pagkatapos dito at ang kinakailangang panglokal na kredito.	IBA PANG PANGANGAILANGAN **Pagtugon** sa lahat ng iba pang pangangailangan ng estado at distrito ng paaralan para sa pagtatapos: Culminating Project (Pinakamalaking Proyekto), Plano sa Sekondaryang Paaralan at Pagkatapos dito at ang kinakailangang panglokal na kredito.	IBA PANG PANGANGAILANGAN **Pagtugon** sa lahat ng iba pang pangangailangan ng estado at distrito ng paaralan para sa pagtatapos: Culminating Project (Pinakamalaking Proyekto), Plano sa Sekondaryang Paaralan at Pagkatapos dito at ang kinakailangang panglokal na kredito.

* Ang mga estudyante ay kinakailangang kumuha ng pang-sekondaryang paaralang WASL kahit isang beses lamang bago gamitin ang alternatibong aprubado ng estado maliban lang kung sila ay bagong nag-enrol sa ika-11 at ika-12 baitang.

Updated September 2008

Lubos pang Matututunan Tungkol sa mga Pangangailangan sa Pagtatapos at sa WASL

Tungkol sa Sertipiko sa Kakayahang Pang-akademiko at Sertipiko sa Kakayahan ng Indibidwal

- Ang mga estudyanteng papasa sa pagbasa, pagsulat at matematika ng WASL ay magkakamit ng Sertipiko sa Kakayahang Pang-akademiko (Certificate of Academic Achievement o CAA) o Sertipiko sa Kakayahan ng Indibidwal (Certificate of Individual Achievement o CIA). Itatala sa transcript (sipi) ng estudyante ang sertipikong natamo nila.
- Sertipiko sa Kakayahang Pang-akademiko (Certificate of Academic Achievement) – Hindi ito isang pangangailangan sa pagtatapos hanggang sa taong 2013, ngunit ang mga estudyante ay maaari pa ring magkamit nito sa pamamagitan ng pagpasa sa pagbasa, pagsulat at matematika ng WASL o Opsiyon sa Sertipiko Kakayahang Pang-akademiko (alternatibong aprubado ng estado) sa pagbasa, pagsulat at matematika.
- Sertipiko sa Kakayahan ng Indibidwal (Certificate of Individual Achievement) – Para lamang sa mga estudyanteng nasa espesyal na edukasyon. Hindi ito pangangailangan sa pagtatapos hanggang sa taong 2013, ngunit ang mga estudyante ay maaari pa ring makakuha nito sa pamamagitan ng pagpasa sa WASL-Basic, WAAS-Portfolio, WAAS-DAW (Developmentally Appropriate WASL o Nabuong Angkop na WASL) o Lokal na Itinakdang Pagsusuri (Locally Determined Assessment) sa pagbasa, pagsulat at matematika.
- Ang mga estudyanteng nasa mga klase ng 2009-2012 na makakuha ng mga kredito sa matematiko hanggang sa pagtatapos, ngunit hindi makapasa sa matematika ng WASL o isa pang aprubadong pagtasa o pagsusuri sa matematika, ay karapat-dapat pa ring makakuha ng diploma ngunit hindi makapagkamit ng sertipiko.
- Mayroong sistema ng pribilehiyo (waiver system) para sa mga estudyanteng lilipat sa publikong sekondaryang paaralan mula sa ibang estado o bansa sa ika-11 o ika-12 na baitang. Ang mga estudyanteng may mga kakayahan ngunit hindi nila ito naipakita sa WASL o alternatibong aprubado ng estado ay maaaring mag-file ng apela para sa espesyal at hindi-maiiwasang pangyayari.

Tungkol sa pang-sekondaryang paaralang WASL

- Ang mga estudyante ay mayroong limang oportunidad na tinutustusan ng estado habang nasa sekondaryang paaralan upang kumuha ng bawat paksang nilalaman ng WASL: pagbasa, pagsulat at matematika. Ang Agham ay hindi ibinibigay sa buwan ng Agosto. Ito ay magbabago kapag ito ay naging isang pangangailangan sa taong 2013.
- Makapapasa ang mga estudyante kung ang puntos ay Antas 3 o 4.
- Ang pagsusuri ng (WASL testing) ay nagaganap tuwing Marso/Abril at Agosto bawat taon.
- Proseso sa pag-apela sa puntos (score appeal): Mga magulang/mga tagapag-alaga, pagkasuring muli ng iksamen ng estudyante, ay maaaring mag-file ng score appeal sa estado.
- Para sa lubos pang matututunan tungkol sa WASL, mangyaring bumisita sa: http://www.waslinfo.com.

Tungkol sa mga alternatibo sa WASL na aprubado ng estado

- Ang mga estudyanteng may kahusayan ngunit hindi nila ito naipakita sa WASL ay maaaring gumamit ng mga Opsiyon sa Sertipiko sa Kakayahang Pang-akademiko o mga alternatibong aprubado ng estado.
- Makakakuha ang mga estudyante ng mga opsiyon pagkatapos kumuha ng WASL nang isang beses. Ang mga estudyanteng lilipat sa publikong sekondaryang paaralan mula sa ibang estado o bansa sa ika-11 o ika-12 na baitang, at ang mga estudyanteng lilipat sa publikong sekondaryang paaralan sa ika-12 na baitang mula sa isang loob ng estado na pribadong paaralan o pagtuturo sa bahay o home-based instruction (sa ilalim ng mga partikular na pangyayari), ay maaaring agad na kumuha ng mga opsiyon ng Sertipiko sa Kakayahang Pang-akademiko nang hindi nakakuha ng pang-sekondaryang paaralang WASL.
- Ang mga Opsiyon ng Sertipiko sa Kakayahang Pang-akademiko (Certificate of Academic Achievement Options) ay ang:
  - Koleksiyon ng Ebidensiya – Ang mga estudyante ay gagawa ng kompilasyon ng mga naipagsamasamang mga halimbawa ng mga nagawa sa silid-aralan sa pamamagitan ng tulong ng (mga) guro. Ang mga koleksiyon para sa mga estudyante ng programa ng Edukasyong Pang-karera at Teknikal ay maaaring magdagdag ng kanilang mga gawain mula sa kanilang programa at iba pang klase. Ang estado ay nagbibigay ng puntos sa mga koleksiyion dalawang beses bawat taon.
  - Maaaring magkaroon ng Fee Waivers o pribilehiyo sa hindi pagbayad ang mga karapat-dapat na estudyante upang makakuha ng aprubadong pagsusuri ng PSAT, SAT, ACT at AP.
  - SAT o ACT – Maaaring gamitin ng mga estudyante ang kanilang mga puntos sa matematika, pagbasa o Ingles at pagsulat sa mga pagsusuri ng pagkahanda ng kolehiyo (college readiness tests). Ang mga pinakamababang puntos ay: Pagbasa – SAT: 350 ACT: 13. Pagsulat – SAT: 380 ACT: 15. Matematika – SAT: 470 ACT: 19.
  - Advanced Placement (AP) – Maaaring gamitin ng mga estudyante ang puntos na tatlo o mas mataas pa sa mga napiling iksamen ng AP: Matematika (calculus o statistics/estadistika), Pagsulat (Wikang Ingles at komposisyon); at Pagbasa (Wikang Ingles at komposisyon, macroeconomics, microeconomics, sikolohiya, kasaysayan ng Estados Unidos, kasaysayan ng mundo, pamahalaan at politika ng Estados Unidos, o komparatibong pamahalaan at politika)
- WASL/Pagkompara ng mga Marka – Para lamang sa mga estudyante ng ika-12 baitang. Ang (mga) marka ng estudyante sa kanyang mga subject sa matematika at/o Ingles ay ikokompara sa mga marka ng mga estudyanteng kumuha ng parehong mga subject AT nakapasa sa WASL. Upang makakuha ng opsiyong ito, kailangan na ang komulatibong Grade Point Average (GPA) ng estudyante ay hindi bababa sa 3.2 sa 4.0 na basehan ng marka (grading scale).
- Para sa lubos pang matututunan tungkol sa mga alternatibong aprubado ng estado, mangyaring bumisita sa: http://www.k12.wa.us/assessment/CAAoptions/default.aspx.

Tungkol sa mga pagsusuri para sa mga estudyanteng nasa espesyal na edukasyon

- Ang mga estudyanteng nasa espesyal na edukasyon ay maaaring kumuha ng pang-sekondaryang paaralang WASL na may akomodasyon o wala man o gumamit ng isa sa mga Opsiyon sa Sertipiko sa Kakayahang Pang-akademiko.
- Mayroon ding mga sumusunod na opsiyon:
  - WASL-Basic – Ang mga estudyante ay kukuha ng pang-sekondaryang paaralang WASL – may akomodasyon man o wala – ngunit ang mga pangkat ng IEP ay mag-aadjust ng kriterya ng pagpasa mula sa Sanay o Proficient (Antas 3) papuntang Basic (Antas 2).
  - Portpolyo ng Sistema ng Hinaliling Pagsusuri ng Washington (Washington Alternate Assessment System o WAAS Portfolio) – Ang mga estudyanteng hindi makakuha ng pagsusuringng gamit ang papel at lapis ay magpapakita ng kanilang kahusayan at kaalaman sa pamamagitan ng koleksiyon ng kanilang mga gawa.
  - Nabuong Angkop na WASL (Developmentally Appropriate WASL o WAAS-DAW) – Ang mga estudyante sa ika-11 at ika-12 baitang lamang ang makakakuha ng WASL – mayroon man o walang akomodasyon – na may markang ang antas ay pinakamalapit na nagtutugma sa kanilang abilidad. Ang mga estudyante ay makakapasa sa DAW sa pagkuha ng Proficient (Antas 3) sa bawat pagsusuring nakuha.
  - Lokal na Itinakdang mga Pagsusuri (Locally Determined Assessments) – Para sa mga nasa ika-12 na baitang na nangangailangan ng binagong pamantayan sa kahusayan (modified achievement standards).
  - Pribilehiyo sa Antas ng Pagkaalam (Awareness Level Waiver) – Para sa mga estudyanteng nasuri na may paggawa (performance) na nasa “pagkaalam” na antas.
- Para sa lubos pang matututunan tungkol pagsusuri para sa espesyal na edukasyon, mangyaring bumisita sa: http://www.k12.wa.us/assessment/altassess.aspx.